



NEWS RELEASE

baaqmd.gov



PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Marso 4, 2024
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, pinalawak ang programang Clean Cars for All sa buong Bay Area

Mga residente ng Bay Area, puwedeng magkwalipika sa hanggang \$12,000 para sa isang sasakyan para sa malinis na hangin

SAN FRANCISCO – Pinalawak ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang programang Clean Cars for All sa buong Bay Area na may siyam na county na nasa hurisdiksiyon ng Distrito ng Hangin.

Nag-aalok na ngayon ang Clean Cars for All ng hanggang \$12,000 para hindi na gamitin ng mga kwalipikadong residente ang kanilang mga mas luma at mas nakakapolusyong sasakyan, at palitan nila ang mga ito ng bago o nagamit nang hybrid, plug-in na hybrid, de-kuryente, o fuel cell na sasakyan, o kumuha sila ng prepaid na transit card o e-bike at mga accessory sa bisikleta. Bukod pa rito, may available na hanggang \$2,000 para sa kagamitan para sa pag-charge ng baterya sa bahay kapag bumili ng plug-in na hybrid o de-kuryenteng sasakyan.

“Sa pagpapalawak sa programang Clean Cars for All at pagdaragdag ng mga incentive para sa mga opsyon sa malinis na transportasyon, mapapabuti ang kalidad ng hangin at mababawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas para sa lahat ng residente sa Bay Area,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Sa patuloy na pagpapahusay sa programa, nagiging mas accessible at kapaki-pakinabang ang pagmamaneho ng mga de-kuryenteng sasakyan para sa mga residente sa buong rehiyon.”

Bukod sa pinalaking award – na nadagdagan mula sa \$9,500 noong nakaraan - papalawakin din ng programang Clean Cars for All ang pagiging kwalipikado sa lahat ng zip code sa Bay Area, tataasan nito ang limitasyon sa taon ng modelo ng sasakyan mula 2005 patungong 2007, at babawasan nito ang limitasyon sa kita ng mga kwalipikadong sambahayan mula sa 400 patungong 300 porsyento ng antas ng kahirapan ayon sa pederal. Noong nakaraan, limitado ang programa sa mga komunidad na pinakaapektado ng polusyon sa hangin.

Inilunsad ng Distrito ng Hangin ang programang Clean Cars for All noong Marso 2019 bilang bahagi ng isang malawakang pagsisikap para gawing abot-kaya ang mga opsyon sa sasakyan para sa malinis na hangin para sa mga residente sa buong Bay Area. Kamakailan ay binigyan ng Lupon ng Mga Resource sa Hangin ng California ang Distrito ng Hangin ng \$28 milyon na may karagdagang \$3.4 na milyon para ipagpatuloy ang suporta sa programang ito.

Ang mga kalahok na residente ay puwedeng pumili ng isa sa mga sumusunod na opsyon sa transportasyon sa malinis na hangin para palitan ang kanilang isa-scrap na lumang sasakyan:

- **Mga De-kuryenteng Sasakyan** na umaandar gamit lang ang de-kuryenteng motor. Muling kinakargahan ang mga baterya ng de-kuryenteng sasakyan sa pamamagitan ng pagsaksak sa isang outlet o istasyon ng pag-charge.
- **Mga Fuel Cell na De-kuryenteng Sasakyan** na gumagamit ng hydrogen fuel at de-kuryenteng motor sa halip na makinang para sa gasolina.
- **Mga Plug-In na Hybrid na De-kuryenteng Sasakyan** kung saan pinagsasama ang de-kuryenteng motor at makina ng gasolina. Ang mga baterya ng mga plug-in hybrid ay muling kinakargahan ng motor na pinapaandar ng gasolina sa pamamagitan ng regenerative braking at pagsaksak sa isang outlet o istasyon ng pag-charge.
- **Mga Hybrid na De-kuryenteng Sasakyan** kung saan pinagsasama ang de-kuryenteng motor at makina ng gasolina. Ang mga sasakyang ito ay hindi puwedeng "isaksak" para i-recharge. Ang motor na pinapaandar ng gasolina ay nagsisilbi rin bilang isang generator upang kargahan muli ang mga baterya sa mga hybrid.
- **E-bike o Transit Card** na magagamit sa pampublikong transportasyon sa mga sistema ng transportasyon sa Bay Area.

Nakatira dapat ang mga aplikante sa hurisdiksyon ng Distrito ng Hangin ng Bay Area. Para sa higit pang detalye tungkol sa programang Clean Cars for All, impormasyon tungkol sa kung paano mag-apply, magkumpleto ng application, o para beripikahin ang pagiging kwalipikado, bisitahin ang <http://www.baaqmd.gov/cleancarsforall>.



Ang Clean Cars 4 All ay bahagi ng California Climate Investments (Mga Pamumuhunan ng California para sa Klima), na isang inisyatiba sa buong estado na naglalaan ng bilyun-bilyong dolyar mula sa Cap-and-Trade para bawasan ang mga emisyon ng mga greenhouse gas, palakasin ang ekonomiya, at pabutihin ang pampublikong kalusugan at ang kapaligiran — lalo na sa mga disadvantaged na komunidad.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [X/Twitter](#), [Facebook](#), [Instagram](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)